

PAUNAWA SA PRIVACY

Upang makapagsumite ng profile para sa isang posisyon sa Western Digital, dapat mong basahin ang Paunawa sa Privacy na ito, at depende sa mga batas sa privacy kung saan ka nakatira, dapat mong kumpirmahing natanggap at naunawaan mo ito o sumasang-ayon ka sa Paunawa sa Privacy na ito. Kung hindi mo kukumpirmahing natanggap at naunawaan mo ito o hindi ka sumasang-ayon sa Paunawa sa Privacy na ito, hindi ka makapagsumite ng profile para sa isang posisyon.

Bilang bahagi ng proseso ng application, hinihiling at pinoproseso ng Western Digital ang mga sumusunod na personal na impormasyon tungkol sa iyo: iyong buong pangalan; iyong email address; iyong numero ng telepono sa bahay at numero ng mobile phone; address ng iyong tirahan; impormasyon ng iyong dating employer; iyong history ng pagtatrabaho; iyong lokasyon; iyong IP address; history ng edukasyon at pagsasanay; mga wikang ginagamit mo; at mga kwalipikasyon at certification. Maaari ka ring magsumite at mag-attach ng mga dokumentong masusuri ng Western Digital. Wala kang legal na obligasyong magbigay ng anumang impormasyon sa Western Digital, at sumasang-ayon ka na, hangga't nagbibigay ka ng anumang impormasyon, ginagawa mo ito nang boluntaryo at may pahintulot.

Maaaring tanggapin ng Western Digital ang iyong personal na impormasyon mula sa iba pang source. Halimbawa, maaaring kunin ng Western Digital ang iyong personal na impormasyon mula sa LinkedIn o iba pang site ng social media. Maaari ding tumanggap ang Western Digital ng personal na impormasyon mula sa iyong mga reference o referral. Maaaring magbigay ang mga empleyado ng Western Digital ng kanilang opinyon tungkol sa iyong karanasan at panayam.

Ang lahat ng impormasyong maaaring iproseso ng Western Digital na may kaugnayan sa iyo, ikaw man ang nagsumite nito o isinumite ito ng ibang tao, ay ituturing bilang “iyong Impormasyon.”

Gagamitin ng Western Digital ang iyong Impormasyon para lang sa recruitment at hindi nito ibibigay ang Impormasyong ito sa anumang third party na walang kaugnayan sa proseso ng recruitment ng Western Digital. Kung iha-hire ka ng Western Digital para sa isang posisyon, papanatilihin ng Western Digital ang Impormasyon bilang bahagi ng iyong record ng pagtatrabaho.

Bilang bahagi ng proseso ng recruitment at pag-hire, maaaring ihayag at ilipat ng Western Digital ang iyong Impormasyon sa iba't ibang affiliate, dibisyon, business unit, at subsidiary nito sa iba't ibang panig ng mundo kapag kailangan itong gawin para sa negosyo at para sa mga layuning inilalarawan sa itaas. Kapag inililipat ng Western Digital ang iyong Impormasyon sa iba't ibang affiliate, dibisyon, business unit, at subsidiary nito sa iba't ibang panig ng mundo, isasagawa ito ng Western Digital sa paraang naaayon sa Pandaigdigang Patakaran sa Privacy at mga naaangkop na batas sa privacy. Kung inililipat ng Western Digital ang iyong Impormasyon sa labas ng European Economic Area, isasagawa lang ito ng Western Digital alinsunod sa isang intracompany na kasunduan sa model clause na nagpoprotekta sa iyong mga karapatan sa privacy. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pandaigdigang Patakaran sa Privacy ng

Western Digital, makipag-ugnayan sa Western Digital Privacy Team sa compliance@wdc.com o sa Western Digital Data Protection Officer sa DPO@wdc.com.

Kung hindi ka iha-hire ng Western Digital para sa posisyon kung saan ka nag-apply, maaari nitong panatilihin ang iyong Impormasyon upang maisaalang-alang ka para sa mga bakanteng posisyon sa Kumpanya sa hinaharap. Kung ayaw mo na panatilihin ng Western Digital ang iyong Impormasyon at gusto mong gamitin ang iyong karapatan sa pagbubura, makipag-ugnayan sa compliance@wdc.com o sa DPO@wdc.com. Kapag natanggap na ang naturang kahilingan, buburahin ng Western Digital ang iyong Impormasyon alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas. Bukod pa rito, kung kailangan mong i-update o itama ang anumang Impormasyon, makipag-ugnayan sa compliance@wdc.com o sa DPO@wdc.com.

Nakatuon ang Western Digital sa pagsasagawa ng mga naaangkop na teknikal, pisikal, at pang-organisasyong hakbang upang maprotektahan ang iyong Impormasyon laban sa hindi awtorisado o hindi sinasadyang pagkasira, pagbabago o paghahayag, hindi sinasadyang pagkawala, hindi awtorisadong pag-access, maling paggamit, ilegal na pagpoproseso, at pagkapinsala.